



# Gaano Katagal Kong Kailangan na Manatili sa COVID-19 Isolation o Quarantine?

**Tandaan:** Ang mga taong ganap na nabakunahan nang walang mga sintomas ay hindi dapat mag-quarantine, pero dapat pa ring subaybayan para sa mga sintomas sa loob ng 14 na araw kasunod ng pagkakalantad.



Kung ikaw ay may **SAKIT** at **NAGPOSITIBO SA PAGSUSURI** para sa COVID-19:  
Manatili sa bahay sa loob ng 10 araw AT hindi bababa sa 24 na oras na walang lagnat at bumuti ang iyong pakiramdam.




Kung ikaw ay may **SAKIT** at **NEGATIBO** ang **PAGSUSURI** para sa COVID-19:  
Manatili sa bahay sa loob ng 24 araw o hanggang sa mawala ang iyong mga sintomas at bumuti ang iyong pakiramdam.



Kung ikaw ay may **WALANG SAKIT** at **NAGPOSITIBO SA PAGSUSURI** para sa COVID-19:  
Manatili sa bahay sa loob ng 10 na araw.



Kung ikaw ay **WALANG SAKIT** pero nagkaroon ng **MALAPIT NA KONTAK** sa isang kaso ng COVID-19:  
Manatili sa bahay sa loob ng 14 na araw.



Kung ikaw ay **WALANG SAKIT** pero **NAKATIRA KASAMA ANG IBANG TAO** na mayroong COVID-19: Manatili sa bahay at umiwas sa taong maysakit sa loob ng 14 na araw. Kung ikaw ay nag-aalaga ng isang taong may COVID-19, o kung ang taong may sakit ay hindi maaaring ihiwalay sa ibang kasama sa bahay, kailangan mong manatili sa bahay habang ang taong maysakit ay nasa bahay (hindi bababa sa 10 araw) at saka 14 pang araw.

